Sakit na Coronavirus (COVID-19)

Gabay ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County para sa Mga Tahanang Panggrupo, Mga Ahensya ng Tagapagtaguyod na Pamilya, Mga Pasilidad sa Pansamantalang Kanlungan ng Kabataan at Mga Panandaliang Tirahan\Mga Programang Terapeutika

Mga Kamakailang Pagbabago:
12/30/20:

- Nagdagdag ng link para sa online na pag-uulat ng maramihang kaso: www.redcap.link/covidreport.
- Pagbabago sa inaatas na panahon ng pag-quarantine para sa mga malapitang nakasalamuha ng isang taong may COVID-19.
- Binago ang mga pagsasala (screening) sa mga sintomas para isama ang parehong pangangapos ng hininga/hirap sa paghinga at idinagdag ang biglaang pagkawala ng panlasa o pang-amoy.
- Mga pagbabago sa magkakatipon na pantirahang setting (congregate residential settings) kabilang ang mga aktibidad sa pagbista at sa panggrupo, pagsubok sa pagmamatyag (surveillance testing), at pagtukoy sa mga sonang berde/dilaw/pula.

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (DPH) ay hinihingi ang iyong tulong para pabagalin ang pagkalat ng novel (bagong) sakit ng coronavirus 2019 (pinaiklaing COVID-19) sa Los Angeles County. Ang mga tahanang panggrupo (group homes), mga tahanang tagapagtaguyod (foster homes), mga pasilidad sa pansamantalang pangangalagang kanlungan ng kabataan (temporary youth shelter care facilities) at panandaliang mga programang terapeutika (short-term therapeutic programs) ay may partikular na pangangailangan para sa maingat na atensyon para maiwasan ang pagkalat kung:

- Ang mga bata ay maaaring magpalipat-lipat ng mga lugar (sites) at sa pagitan ng tahanan at mga sites;
- Ang mga sites ay hindi maiiwasan ang lahat ng pakikipag-ugnayan ng kawani at bata sa mga panlabas na bisita; at
- Pagtitiyak ng pagsunod ng mga bata, lalong-lalo na ang mga murang edad na bata, na nagbabadya ng mga natatanging hamon (poses unique challanges).

ANO ANG SINASAKLAW NG DOKUMENTONG ITO

Bilang isang saligan, ang unang hakbang sa pagtugon sa pagsiklab ng COVID-19, mariin naming inirerekomenda na ang lahat ng mga group homes, mga ahensya ng tagapagtaguyod na pamilya (foster family agencies o FFAs), mga pasilidad sa pansamantalang pangangalagang kanlungan (temporary shelter care facilities o TSCFs) at mga Programa sa Panandaliang Terapeutikang Pantahanan (Short-Term Residential Therapeutic Programs o STRTPs) ay i-review at i-update ang mga planong pang-emerhensya at isaalang-alang ang mga paraan para maipagpatuloy ang mga kinakailangang serbisyo kung ang mga onsite na operasyon ay dapat na pansamantalang bawasan.

Ang dokumentong ito ay nagkakaloob ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa COVID-19, at kinikilala ang mga partikular na aksyon lampas sa saligang iyon (beyond that basic), unang hakbang na tutulong pabagalin ang pagkalat ng mga impeksyon sa palahingahan, kabilang ang COVID-19.

Ang mga layunin ng dokumentong ito ay upang tulungan ang mga group homes, FFAs, TSCFs, at STRTPs na makabuo ng mga estratehiya sa:

- Pigilan at bawasan ang pagkalat ng COVID-19 sa iyong pasilidad.
- Pigilan at bawasan ang pagkalat ng COVID-19 sa pagitan at labas ng mga pasilidad.

Tandaan na ang dokumentong ito ay nalalapat lamang sa mga uri ng mga pasilidad na pinangalanan sa pamagat at hindi sa mga mapagkukunang pamilya (resource families). Sa halip, ang mga resource families ay dapat na sumangguni sa impormasyon para sa mga indibidwal at sambayahan na nasa DPH COVID-19 na website: (Gabay para sa mga Indibidwal at Sambahayan.pdf).

PANGKALAHATANG IMPORMASYON

Ano ang novel coronavirus?
Ang COVID-19 ay sanhi ng isang virus na hindi pa kailanman nakikita sa mga tao. Sa ilang paraan ay katulad ito ng iba pang mga virus na nakita natin, ngunit may mga kadahilanan na nakapagbubukod dito:

- Karamihan ng tao ay maaaring makuha ang sakit. Dahil sa hindi pa ito nakahawa ng mga tao dati, ang mga tao lamang na nagkaroon na ng sakit at mga taong ganap ng nabakunahan ang malamang na hindi tablan o maging immune dito.
- Mas madali itong naikakalat mula tao sa tao kaysa sa ilang iba pang mga virus.
- Naikakalat ito ng isang tao na walang anumang mga sintomas at walang kaalam-alam na sila ay nahawaan.
- Habang nagsasanhi ito ng banayad o katamtamang mga sintomas sa karamihan ng mga tao, maaari itong maging napakalubha at nakamamatay pa nga sa ilang mga kaso.

Ang mga grupo na nasa mataas na panganib

Ang mga grupo na nasa mataas na panganib (high-risks groups) para sa COVID-19 ay kinabibilangan ng mga taong higit 65 taong gulang, mga taong may malulubhang kondisyon (kabilang ang mga taong may karamdaman sa puso, baga o bato), at mga taong may mahihinang mga sistema ng immune dahil sa sakit, kimoterapya o iba pang mga medikal na paggamot o kondisyon.

Ang mga sanggol na wala pang 1 taong gulang at mga bata na may tiyak na mga napaiilalim na kondisyon, kabilang ang obesidad, hika, dayabetis at iba pa, ay maaaring nasa mas mataas na panganib para sa malubhang sakit kaysa sa ibang mga bata kapag sila ay nahawaan. Ang ganap na listahan ng mga potensyal na kondisyon sa mataas na panganib sa mga bata ay maaaring maakses sa pamamagitan ng CDC.

Ano ang mga karaniwang sintomas ng COVID-19?

Ang mga taong may COVID-19 ay may malawak na hanay ng mga sintomas na sumasaklaw mula sa mga banayad na sintomas hanggang sa malubhang karamdaman. Ang mga sintomas ng COVID-19 ay maaaring kabilangan ng ilang kombinasyon ng sumusunod:

- Lagnat (100.4 F o mas mataas pa)
- Ubo
- Pangangapos ng hininga o hirap sa paghinga
- Panggiginaw
- Pagkapagod
- Pananakit ng kalamnan o katawan
- Sakit ng ulo
- Bagong kawalan ng panlasa o pang-amoy
- Namamagang lalamunan
- Baradong ilong o sipon
- Pagkahilo o pagsusuka
- Pagtatae

Ang mga bata ay maaari ring magpakita ng pagkawalang-ganang kumain/hindi magandang pagpapakain, lalong-lalo na sa mga sanggol na wala pang 1 taong gulang. Ang mga pasilidad ay dapat pangasiwaan o hikayatin ang pagsuri (testing) sa lahat ng mga kawani, bata, at kabataan na may mga sintomas (symptomatic). Ang mga malapitang nakasalamuha ng mga kilalang kaso ng COVID ay dapat ring masuri. Dapat na magsagawa ng kanilang sariling testing ang mga pasilidad kung kakayanin nilang gawin. Ang mga kawani ay maaaring isangguni sa kanilang pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga (primary care provider) ang tungkol sa pangangailangan para sa testing.

Humanap ng agarang medikal na atensyon sa pamamagitan ng pagtawag sa 911 para sa alinman sa mga babalang palatandaang pang-emerhensya ng COVID-19:

- Hirap huminga
- Patuloy na pananakit o presyon sa dibdib
- Bagong pagkalito o hirap sa paggising
- Mangasul-ngasul na mga labi o mukha
- Iba pang malulubhang sintomas

Paano naikakalat ang COVID-19?

Gaya ng iba pang mga sakit sa palahingahan, ang mga pantaong coronavirus ay pinaka-karaniwang naikakalat sa ibang mga tao ng isang nahawaang tao na may mga sintomas sa pamamagitan ng:

- Mga maliliit na patak (droplets) na nagagawa kapag ang isang nahawaang tao ay umubo o bumahing.
- Malapitang personal na pakikisalamuha, gaya ng pangangalaga sa isang nahawaang tao.

Maaari ring maikalat ang COVID-19 sa pamamagitan ng paghawak sa isang ibabaw o bagay na may virus at pagkatapos ay hahawak sa bibig, ilong, o mga mata ngunit hindi ito ang iniisip na pangunahing paraan ng pagkalat ng virus. Ang ilang mga tao ay nakakakuha ng COVID-19 ng hindi kailanman nagpapakita ng mga sintomas ngunit maaari pa rin nilang maikalat ang impeksyon sa ibang mga tao.

Sakit na Coronavirus (COVID-19)

Gabay ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County para sa Mga Tahanang Panggrupo, Mga Ahensya ng Tagapagtaguyod na Pamilya, Mga Pasilidad sa Pansamantalang Kanlungan ng Kabataan at Mga Panandaliang Tirahan\Mga Programang Terapeutika

Ang COVID-19 ay bago at patuloy nating pinagbubuti ang ating pagkakaunawa sa kung paano ito kumakalat at gaano katagal para sa mga tao na magkasakit. Habang nagbabago ang impormasyon, patuloy naming ipapaalam ito sa iyo. Hinihikayat ka namin na bisitahin ang Coronavirus webpage ng DPH para sa mga mapagkukunan (resources), kabilang ang sari-saring uri ng mga dokumento na nagkakaloob ng pangkalahatang-ideya (providing an overview) sa pag-iwas at pangangalaga sa COVID-19, Mga Madalas na Katanungan para sa mga Tagapangasiwa ng Lugar ng Trabaho at Gabay para sa Pangangalaga ng mga Bata na may mga Sintomas ng COVID-19. Ang mga karagadang resources ay natakala sa dokumentong ito saanman nauugnay.

MGA HAKBANG PARA PROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN AT KALIGTASAN NG MGA RESIDENTE AT KAWANI

	Pigilan at Bawasan ang Pagkalat ng COVID-19 sa Loob ng Iyong Pasilidad
1. *Mga hakbang para bawasan ang panganib ng impeksyon*	**Karatula** – Magpaskil ng mga palatandaan/karatula para sa mga bata, kabataan, kawani, at mga bisita sa kahalagahan ng paghuhugas ng kamay at pagsa-sanitize ng kamay. – Magkaloob ng mga palatandaan/karatula at regular na paalalahanan ang mga bata at kabataan para alertuhan ang mga kawani kung mayroon silang mga sintomas ng COVID-19 (Lagnat o panggiginaw, ubo, pangangapos ng hininga o kahirapan sa paghinga, pagkapagod, sakit ng kalamnan o katawan, sakit ng ulo, bagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy, namamagang lalamunan, baradong ilong o sipon, pagkahilo o pagsusuka, pagtatae). **Pagsasala (Screening)** - Agarang magpatupad ng screening para sa lahat ng mga kawani, bisita, bata at kabataan. Ang pagsasala sa pagpasok (entry screening) ng mga empleyado, boluntaryo, nakakontratang manggagawa o bisita ay dapat na maging bahagi ng estratehiya ng isang organisasyon sa paglimita sa pagkalat ng COVID-19 sa kanilang mga pasilidad. Mangyaring sumangguni sa dokumentong ito na nagkakaloob ng karagdagang gabay sa screening at isang halimbawa ng template para sa screening ng isang indibidwal bago sila pumasok sa pasilidad. Mangyaring tandaan na: 1) ang entry screening ay maaari ring gawin ng malayuan o sa iba pang mga pamamaraan na maaaring maging mas maginhawa at 2) ang pagkuha ng aktwal na sukat ng temperatura sa punto ng pagpasok ay inirerekomenda ngunit opsyonal hangga't ang proseso ng screening ay tumutukoy kung ang indibidwal ay nakaranas ng lagnat. – Kung ang entry screening ay ginagawa ng personal, tiyakin na: • Ang lugar ng screening ay nagpapahintulot ng privacy at pagka-kumpidensyal para sa taong ini-i-screen. • Ang taong ini-i-screen ay may suot na telang pantakip ng mukha at nagpapanatili ng anim na talampakang distansya mula sa taong nagsasala (screener) habang ginagawa ang buong proseso ng screening. • Ang screener ay may suot na parehong isang pantakip ng mukha at, mainam, isang panangga ng mukha. Ang screener ay gumagamit ng mga guwantes at tinitiyak ang wastong kalinisan ng kamay (sabon at tubig o hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% alkohol) bago at pagkatapos na i-screen ang bawat tao kung may anumang pisikal na kontak o palitan ng mga dokumento. • Ang mga screeners ay wastong sinanay sa paggamit at paglilinis ng mga termometro kung ang onsite na pagsusukat ng temperatura ay ginagawa. Ang mga walang kontak na termometro ay mas mainam, ngunit kung ang isang termometro na nangangailangan ng kontak ay gagamitin, ang paglilinis ay ginagawa pagkatapos ng bawat paggamit.

- Ang lahat ng dokumentasyon na may kaugnayan sa entry screening at pagsusukat ng temperatura ng katawan ay mga medikal na rekord. Ang mga pamamaraan na may kaugnayan sa pagkumpleto, pagtatabi at pag-review ng mga rekord, samakatuwid, ay sumusunod sa lahat ng mga regulasyong may kaugnayan sa pagka-kumpidensyal, pag-aasikaso at pagmementena ng mga medikal na rekord.
- Ang mga indibidwal ay hindi dapat pahintulutang pumasok kung sila ay mag-uulat ng pagkakaroon ng mga sintomas sa loob ng nakalipas na 10 araw, kung sila ay may pinataas na temperatura ng katawan (higit sa o katumbas sa 100.4°F o 38°C), o nagkaroon ng kontak sa isang tao na may COVID-19 o pinaghihinalaan na may COVID-19 sa nakaraang 10 araw.

Mangyaring tingnan rin ang Seksyon 5 sa ibaba sa screening ng mga bata at kabataan.

Pag-uugali (Etiquette) sa Kalinisan ng Kamay at sa Palahingahan

- Madalas na maghugas ng mga kamay gamit ang isang hand sanitizer na naglalaman ng hindi bababa sa 60% alkohol o sabon at tubig ng hindi bababa sa 20 segundo, lalong-lalo na pagkatapos pumunta sa banyo, bago kumain, at pagkatapos suminga, umubo, o bumahing.
- Tandaan, gayunpaman, ang mga pag-iingat tungkol sa paggamit ng hand sanitizer ng mga bata ng walang direktang pangangasiwa ng nakatatanda o adulto (Tingnan https://www.cdc.gov/handwashing/hand-sanitizer-use.html.)
- Mga Karagdagang Payo (Tips) sa Pangkaligtasan sa Hand Sanitizer:
  - Panatilihing hindi naaabot ng mga bata ang lahat ng mga hand sanitizer at pangasiwaan ang kanilang paggamit
  - Maghanap ng agarang medikal na atensyon para sa mga bata o kabataan na nakalulon ng hand sanitizer o nakakaranas ng mga sintomas pagkatapos ng paulit-ulit na paggamit ng mga produktong ito at kontakin ang iyong sentro ng lason (1-800-222-1222) para sa payo.
- Tandaan rin na ang ilang mga hand sanitizer ay hindi dapat gamitin dahil sila ay maaaring:
  - Naglalaman ng methanol (wood alcohol) o 1-propanol na maaaring magsanhi ng malubhang mga problema sa kalusugan tulad ng pagkabulag, pinsala sa nerbyo (nerve) o ugat, at kahit kamatayan.
  - Kontaminado ng mikrobyo.
  - Walang sapat na alkohol para gumana sila ng wasto.
  - Para sa pinakabagong impormasyon, tingnan ang Listahan ng mga Produktong Kontaminado ng Methanol ng FDA. Kung ang produkto niyo ay nasa listahan, tigilan agad ang paggamit nito.
- Takpan ang mga pag-ubo at pagbahing gamit ang isang tisyu, at pagkatapos ay itapon ang tisyu at linisan agad ang mga kamay. Kung wala kang tisyu, gamitin ang iyong manggas (hindi ang iyong mga kamay).
- Bawasan, saanman maaari, ang malapitang pakikisalamuha at pagbabahagi ng mga bagay-bagay tulad ng mga tasa, kubyertos, laro, laruan, pagkain, at inumin.

Panlipunang (Pisikal) Pagdistansya – I-promote ang panlipunang pagdistansya sa buong pasilidad sa pamamagitan ng pagpapanatili ng 6 na talampakang layo sa isa't isa ang mga bata, kabataan at kawani hangga't magagawa. Iwasan ang pakikipagkamay o pagyakap sa ibang mga tao.

- Muling isaayos ang mga karaniwang lugar sa pasilidad para tiyakin na ang mga residente ay hindi nagtitipon-tipon.
- Isaayos ang mga karaniwang lugar ng sa gayon ang mga upuan ay 6 na talampakan o higit pa ang layo at nakaharap palayo mula sa isa't isa, na may madaling akses sa mga tisyu, hand

sanitizer, at sa kalapit na lababo para maghugas ng mga kamay.

- Sa mga pinagsasaluhang silid, ang mga kama at kuna (cribs) ay dapat na nakalagay na hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo, kailanman maaari, at nakaposisyon mula ulo hanggang paa, na ang mga ulo ay nakaposisyon ng malayo hangga't possible.
- Ang mga pagkain ay dapat na ihain sa halinhinang paraan o sa mga lugar sa labas para tiyakin na napapanatili ang panlipunang pagdistansya. Isilbi ang mga pagkain sa parehong mga grupo ng bata at kabataan sa bawat kain para bawasan ang pagkalat ng impeksyon.
- Paghigpitan ang transportasyon ng mga bata at kabataan sa mga kinakailangang pagbisita lamang.
- Ang mga aktibidad na pang-grupo ay maaaring ipagpatuloy at isagawa tulad ng nakatala sa seksyon 2 sa ibaba.

Pandaigdigang Pinagmulan ng Kontrol (Universal Source Control) – Kinabibilangan ng mga hakbang sa pagkontrol sa pinagmulan (source control) ang paggamit ng mga maskara (masks) o mga pantakip ng mukha. Inaatasan na ang lahat ng mga tao kabilang ang mga kawani, bisita at mga bata na higit sa 2 taong gulang ay magsuot man lamang ng mga telang pantakip ng mukha. Ang mga pantakip ng mukha o mga masks ay inaatas sa lahat ng mga tao sa lahat ng mga lugar ng paninirahan, karaniwan o pinagsasaluhang mga lugar, mga lakaran, o kung saan ang mga bata, kabataan at/o mga kawani ay nagtitipon-tipon.

- Ang kawani na mag-isang nagtatrabaho sa mga sarado o kulong na lugar ay hindi kailangang magsuot ng pantakip ng mukha maliban kung sila ay lumilipat sa mga karaniwang espasyo kung saan sila ay maaaring makihalubilo sa ibang mga kawani o residente.
- Ang mga maskarang pang-opera (surgical masks), kung may magagamit, ay dapat na ireserba para sa mga tagapag-alaga (caregivers) o para sa sinumang bata o kabataan na kumpirmado o pinaghihinalaan na may COVID-19.
- Lahat ng mga bata 2 taong gulang o higit pa ay dapat na magsuot ng mga telang pantakip ng mukha kapag nasa labas ng kanilang silid. Kabilang rito ang mga bata at kabataan na dapat lisanin ng regular ang pasilidad para sa pangangalaga.
- Ang mga bata na wala pang 2 taong gulang at mga bata at kabataan, na dahil sa mga napapailalim na kognitibo o medikal na kondisyon, na hindi makapagsusuot ng mga pantakip ng mukha sa labas ng kanilang silid ay hindi puwersahang inaatasan na magsuot ng mga pantakip ng mukha at hindi dapat puwersahing panatilihin sa kanilang mga silid. Gayunpaman, dapat na hikayatin hangga't maaari ang mga pantakip ng mukha.
- Ang isang pantakip ng mukha ay hindi dapat ilagay sa sinuman na may kahirapan sa paghinga, o walang malay, o walang kakayahan o kung hindi man ay hindi magawang tanggalin ito ng walang tulong. Ang mga panangga sa mukha o mga panangga sa mukha na may maluwang na tela ay maaaring ialok sa mga residente na hindi magawang magsuot ng mga pantakip ng mukha.
- Kapag ang kawani ay nasa silid ng isang bata o kabataan, ang mga residente ay dapat na takpan ang kanilang mga ilong at bibig hangga't maaari, gamit ang isang tisyu man lamang ngunit mas mainam na gamit ang isang telang pantakip ng mukha.

Pagpapangkat (Cohorting)

- Kailanman posible, ang mga bata at kabataan ay dapat na igrupo sa maliliit na mga pangkat na may pinakamarami na 12 kabataan na madalas na nakikihalubilo sa kanilang tinutuluyan (living quarters), sa mga kainan, at sa panahon ng mga aktibidad, atbp.

	– Kahalintulad, dapat na gawin ang bawat pagsubok para panatilihing nagtatrabaho sa parehong pangkat ang mga kawani at hindi nagpapaikot-ikot sa pagitan ng mga magkakaibang setting para limitahan ang pagkakalantad.
2. *Komunal na Kainan at mga Aktibidad na Panggrupo*	Pinapayagan ang limitadong mga aktibidad na panggrupo at komunal na kainan hangga't ang pasilidad ay nakakasunod sa mga sumusunod na hakbang: – Mga pantakip ng mukha ay inaatas tulad ng inilarawan sa itaas. – Pisikal na pagdistansya: • Hindi hihigit sa 12 bata at kabataan ang pinapayagan kada grupo. • Ang lahat ng mga bata at kabataan ay dapat na magpanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo mula sa isa't isa at mula sa mga kawani sa lahat ng aktibidad. • Ang lahat ng kawani ay dapat na magpanatili ng 6 na talampakang layo sa mga silid ng panandaliang pamamahingan (break rooms), at hangga't maaari sa mga aktibidad ng trabaho. • Ang mga aktibidad ay dapat na gawin ng halinhinan (shifts) para payagan ang mas mahusay na pisikal na pagdistansya. ○ Ang mga shift na ito ng mga bata at kabataan ay dapat na gawin ng magkakasama (hal. parehong grupo ng mga bata at kabataan ang sama-samang naghahapunan gabi-gabi) at ang indibidwal na mga bata at kabataan ay dapat na talagahan ng mga partikular na lugar hangga't maaari sa pagtangkang pababain ang pagkakalantad sakaling isang bata o kabataan sa kalaunan ay masusuring positibo para sa COVID-19. ○ Gumamit ng isang sign-in sheet/pangkat (roster) ng mga bata at kabataan na naroon sa pagdaraos ng mga aktibidad na panggrupo na tutulong sa contact tracing sakaling isang bata o kabataan sa kalaunan ay masusuring positibo para sa COVID-19. – Pinahusay na pagdidisimpekta ng kapaligiran. • Ang lahat ng komunal, madalas na nahahawakang ibabaw ay dapat na disimpektahin pagkatapos lisanin ng mga bata, kabataan o kawani ang isang lugar. – Kung may mga bagong kaso na matutukoy sa hanay ng mga bata at kabataan, dapat na itigil ang mga komunal na aktibidad ng hindi bababa sa 14 na araw. Sa oras na ito, dapat na rebyuhin ng pasilidad ang kanilang mga kasanayan sa pagkontrol ng impeksyon at prebensyon upang mapigilan ang mga darating na bagong hawaan. Pagkatapos na walang mga bagong kaso sa mga bata o kabataan sa loob ng 14 na araw, maaari ng magpatuloy ang mga komunal na aktibidad na may mga hakbang sa pandaigdigang pagkontrol sa pinagmulan at pisikal na pagdistansya na inilarawan sa itaas. – Kung ang isang bata o kabataan ay masusuring positibo para sa COVID-19 (may mga sintomas o walang mga sintomas) o malalantad sa isang taong may COVID-19, ang bata o kabataan ay dapat na ibukod o i-quarantine tulad ng inilarawan sa seksyon 5 at 13 sa ibaba. Ang bata o kabataan ay hindi dapat makilahok sa mga komunal na kainan o aktibidad, hindi dapat makaakses sa mga pinagsasaluhang kasangkapan o kagamitan, hanggang sa sila ay hindi na naka-quarantine o nakabukod pagkatapos na matugunan ang pamantayan sa seksyon 5 at 13 sa ibaba.
3. *Mga Bisita*	Ang mga kinakailangang bisita (essential visitors) at mga kinakailangan na tumutulong na propesyonal (essential ancillary professionals) ay mga pinahihintulutang bisita. – Ang mga essential ancillary professionals ay tinukoy bilang mga kinontratang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan kabilang ang mga konsultant, mga tagapagbigay ng serbisyo, at mga surbeyor kung tinuring na kinakailangan ng pasilidad. – Ang mga essential visitors ay tinukoy bilang:

- Kinakailangang suportang tao para sa mga pasyente na may pisikal, intelektwal, at/o pang-unlad na kapansanan at mga pasyente na may kakulungan sa pag-iisip (cognitive impairments); isang kinakailangang suportang tao ay maaaring payagan na naroon kasama ang pasyente.
- Ang mga iniutos ng korte na pagbisita na ginagawa ng pamilya, mga abugado, at mga CASAs (Court Appointed Special Advocates).

– Ang lahat ng mga essential visitors ay pinahihintulutan sa loob ng pasilidad at dapat na:
- Masala (screened) sa pagpasok. Ang mga essential visitors ay dapat na iantala kung ang bisita ay nasalang positibo (para sa mga sintomas at/o pagkakalantad sa COVID-19) o masama ang pakiramdam.
- Magsuot ng isang telang pantakip ng mukha o iba pang naaangkop na mask para protektahan ang ibang mga tao sa panahon ng pagbisita maliban kung kokontrahin. Kung ang essential visitors ay hindi magawa o ayaw panatalihin ang mga pag-iingat na ito, isaalang-alang ang paghihigpit sa pagpasok.
- Restriktuhan sa silid ng bata o kabataan na binibisita o iba pang lokasyon na itinalaga ng pasilidad. Kung ang mga panloob na lugar ay ginagamit para sa pagbisita, gumamit ng silid na may mahusay na bentilasyon (hal. mga bukas na bintana).
- Magsagawa ng kalinisan ng kamay bago at pagkatapos ng pagbisita.
- Magsanay ng pisikal na pagdistansya habang nasa pasilidad.
- Dapat na subaybayan ng kawani ang pagbisita upang masiguro na nasusunod ang mga gabay sa pagkontrol ng impeksyon (ligtas na pagdistansya, mga pantakip ng mukha, walang pisikal na kontak) upang matiyak ang isang ligtas na pagbisita sa parehong mga bata/kabataan at mga mahal sa buhay.
- Ang mga bisita ay dapat na mapayuhan na subaybayan ang kanilang mga sarili para sa mga palatandaan at mga sintomas ng impeksyon sa palahingahan ng hindi bababa sa 14 na araw pagkatapos na lumabas ng pasilidad at, kung magaganap ang mga sintomas, ay magbukod sa bahay, kontakin ang kanilang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (healthcare provider), at kung sila ay masuring positibo para sa COVID, abisuhan ang pasilidad sa (mga) petsa na sila ay nasa pasilidad, mga indibidwal na kanilang nakasalamuha, at ang mga lokasyon na kanilang napuntahan sa pasilidad na kanilang binisita. Ang pasilidad ay dapat na agad i-screen ang mga indibidwal ng napaulat na nakasalamuha at gawin ang lahat ng nararapat na aksyon na mga pag-iingat sa pagkontrol ng impeksyon batay sa mga natuklasan.

– Mga hindi kinakailangang bisita (Non-essential visitors):
- Ang panlabas na pagbisita (outdoor visitation) ay maaaring ipagpatuloy hangga't natutupad ang mga sumusunod na pag-aatas (requirements):
  - Ang mga pagbisita ay dapat na iiskedyul ng pauna o maaga.
  - Ang outdoor visitation ay pinapayagan para sa mga bata at kabataan na walang COVID-19 (sa berdeng sona).
  - Ang mga bisita ay dapat na i-screen sa pagdating. Ang mga bisita na may palatandaan o sintomas ng COVID ay hindi dapat payagang bumisita hanggang sa makumpleto nila ang kinakailangang panahon ng pagbubukod. Ang mga bisita na may kilalang mga kontak sa mga indibidwal na positibo sa COVID ay hindi dapat bumisita hanggang kanilang matapos ang inaatas na panahon ng quarantine.
  - Ang mga bisita ay dapat na magpanatili ng pisikal na pagdistansya na 6 na talampakan o higit pa. Kung hindi posible ang 6 na talampakang distansya, isang malinaw na plastic na panghiwalay (plastic divider) ay maaaring gamitin.
  - Ang mga bata, kabataan, at bisita ay dapat na magsuot ng mga pantakip ng mukha.
  - Ang mga kawani ay dapat na subaybayan ang pagbisita upang masiguro na nasusunod

	ang mga gabay sa pagkontrol ng impeksyon (ligtas na pagdistansya, mga pantakip ng mukha, walang pisikal na kontak) upang masiguri ang isang ligtas na pagbisita para sa parehong mga bata/kabataan at mga mahal sa buhay. ○ Kung ang panahon ay pinipigilan ang outdoor visitation, ang mga malalaking komunal na espasyo na may bukas na pinto o bintana ay isang alternatibong opsyon. Hindi pinahihintulutan ang panloob na pagbisita kung mayroong hindi bababa sa isang positibong kaso ng COVID-19 sa mga residente at/o kawani. Maaaring pahintulutan ang panloob na pagbisita kung ang pasilidad ay walang anumang mga kaso ng COVID-19 sa mga residente at/o kawani sa loob ng 14 na araw. – Ang iba pang mga hakbang ay dapat na maitatag para suportahan ang pagbisita. • Patuloy na mag-alok ng mga alternatibong paraan ng komunikasyon para sa mga taong bibisita, tulad ng mga birtwal na komunikasyon (telepono, komunikasyon sa video, atbp.). • Lumikha ng isang pamamaraan ng komunikasyon (email listserv, website, tatawagang numero na may recording, atbp.) para magbigay ng napapanahong komunikasyon sa mga pamilya. • Magtalaga ng kawani bilang pangunahing kontak sa mga pamilya para sa mga papasok na tawag (inbound calls) at magsagawa ng mga regular na tawag palabas (outbound calls) para panatilihing napapanahon ang mga pamilya.
4. Salain (screen) ang mga bata at kabataan para sa mga sintomas ng COVID-19	**Pagsasala (screening) ng mga Residente** – Tasahin (i-assess) ang lahat ng mga bagong bata at kabataan sa oras ng pagpasok para sa mga sintomas ng COVID-19. – Kung magagawa, i-assess ang LAHAT ng mga bata at kabataan isang beses sa isang araw man lamang para sa mga bagong sintomas. Paalalahanan ang mga bata at kabataan na iulat sa mga kawani ang anumang bagong mga sintomas ng COVID-19. – Kung magagawa, i-assess ang mga temperatura ng residente sa panahon ng pagpasok at araw-araw gamit ang isang nag-iiskan o patapong (disposable) termometro. Ang lagnat ay isang temperatura na 100.4 F o mas mataas pa. – Dahil sa kasalukuyang pagsiklab, ang sinumang residente na may mga sintomas ng sakit sa palahingahan ay maaaring ipagpalagay na may COVID-19 at SARS-CoV2 na testing na may isang PCR test ay dapat na irekomenda. Hikayatin ang testing ng mga nakagawiang pathogen sa palahingahan kabilang ang testing sa trangkaso kung naaangkop para makapagtatag ng anumang alternatibong dayagnosis. – Tiyakin ang mga pag-iingat sa pagbubukod na naitala sa seksyon sa ibaba para sa lahat ng mga residenteng may sakit habang hinihintay ang testing at kung ang residente ay nasuring positibo para sa COVID-19. – Ang mga rekord sa mga pagtsetsek ng temperatura ng residente ay dapat na itinatabi. – Kung ang isang bata o kabataan ay pansamantalang umalis ng pasilidad (tulad ng pagbisita sa bahay o kung sila ay aalis ng walang pahintulot) at maaaring nagkaroon ng pagkalantad na may mataas na panganib habang malayo sa pasilidad, ang bata/kabataan ay dapat na manatiling naka-quarantine ng 10 araw, kung magagawa, mainam sa isang hiwalay na bahagi o lugar ng pasilidad.
5. Kapag ang mga residente ay may mga sintomas (symptomatic)	**Ibukod ang mga Residenteng may mga Sintomas (Symptomatic)** Lahat ng mga residente na may mga sintomas ng COVID-19, maging sila man ay nasuri o hindi pa para sa COVID-19, ay dapat na isama sa dilaw (quarantine) na sona. Hindi ito kailangan na maging isang pisikal na hiwalay na espasyo sa pasilidad, ngunit ang mga residente na nasa dilaw na sona ay dapat na nakakulong sa kanilang sariling silid kung ang residente ay may iisang (single) silid, o nakahiwalay mula sa isang kasamahan sa silid ng 6 na talampakan o sa pamamagitan ng pisikal na harang [plexiglass, kurtina] kung ang residente ay may kasamahan sa silid. – Ipasuri (test) para sa COVID-19 ang lahat ng mga symptomatic na bata at kabataan.

- Ang mga symptomatic na bata na nasuring negatibo para sa COVID-19 ay dapat na manatili sa dilaw na sona hanggang sila ay wala ng lagnat sa loob ng 24 na oras at bumuti na ang kanilang mga sintomas.
- Ang mga symptomatic na bata na nasuring positibo para sa COVID-19 ay dapat na ilipat ng mabilis papunta sa pulang sona, na nakabukod mula sa mga natitirang residente.
  - Ito ay dapat na isang hiwalay na gusali, silid, o itinalagang lugar, malayo mula sa mga bata at kabataan na walang mga sintomas (asymptomatic), mainam na may isang hiwalay na banyo.
  - Maglagay ng malinaw na karatula sa labas ng lahat ng mga silid sa pagbubukod ng sa gayon ay alam ng mga kawani, bata at kabataan na dapat silang lumayo.
  - Kung walang paraan para sa mga bata at kabataan na positibo sa COVID ang manirahan sa mga hiwalay na silid o gusali, ang mga partisyon o panghiwalay (hal., linen, mga damitan, atbp.) ay dapat na itayo para lumikha ng isang harang hangga't maaari sa pagitan ng mga positibo at negatibo sa COVID na mga bata at kabataan.
    - Isang itinalagang banyo ay dapat na tukuyin at ireserba sa paggamit ng mga indibidwal na positibo sa COVID lamang.
    - Kung ang mga bata at kabataan na positibo sa COVID ay kailangang kumilos sa mga lugar na may mga residente na walang mga sintomas, dapat silang magsuot ng isang surgical mask at bawasan ang oras sa mga lugar na ito.
    - Ang mga bata at kabataan na positibo sa COVID ay dapat na kumain ng hiwalay mula sa mga residenteng negatibo sa COVID.
      - Kung dapat na pagsaluhan ang isang espasyo ng kainan, gawing halinhinan ang kainan ng sa gayon ang mga symptomatic na bata at kabataan ay hindi kumakain kasama ng mga asymptomatic na bata at kabataan at linisan pagkatapos ng bawat paggamit ng kada grupo para mabawasan ang mga panganib ng transmisyon.
    - Ang mga mobile screen, linen, atbp. (o iba pang mga paraan para gumawa ng partisyon o panghiwalay) ay dapat na gamitin para hikayatin ang pagsunod na may paghihiwalay sa mga napagsasaluhang espasyo.
      - Kung ang mga screen ay ginagamit, mahalagang sumunod sa naaangkop na mga fire code at regulasyon ng gusali (hal., pagpapanatili ng akses para sa mga paglikas at huwag takpan ang mga alarma sa sunog).
    - Pababain ang bilang ng mga miyembro ng kawani na may harapang pakikihalubilo (face-to-face interactions) sa mga bata at kabataan na positibo sa COVID. Magbigay ng mga tagubilin sa lahat ng mga kawani upang mapigilan ang pagkalat ng sakit. Ang seksyon 15 ay nagkakaloob ng gabay sa paggamit ng Personal na Pamprotektang Kagamitan (Personal Protective Equipment o PPE) para sa mga kawani na may pakikilasalamuha/kontak sa isang symptomatic na bata o kabataan.
    - Ang pagbubukod ng bata/kabataan sa pulang sona ay maaaaring itigil na kapag ang mga sumusunod na kondisyon ay natugunan:
      - Hindi bababa sa 10 araw ang nakalipas mula ng unang lumabas ang mga sintomas AT hindi bababa sa 24 na oras pagkatapos ng paggaling ng lagnat ng hindi gumagamit ng mga gamot na nakapagpapababa ng lagnat at pagbuti ng mga sintomas (tulad ng ubo at pangangapos ng hininga). Ang mga indibidwal na lubhang nakumpromiso ang imuno (immune-compromised) ay maaaring kailanganin na magbukod ng 20 araw o mas mahaba pa. Tingnan ang seksyon 7 sa ibaba para sa higit pang mga detalye tungkol sa grupong ito ng mga bata/kabataan.
    - Ang mga kawani ay dapat magtala ng araw-araw na rekord ng lahat ng mga bata at kabataan na nasa pagbubukod para masubaybayan ang mga sintomas at matukoy ang

	pagtatapos ng pagbubukod. ○ Kung ang isang symptomatic na bata o kabataan ay akma sa isang grupo na nasa mataas na panganib para sa mga komplikasyon ng sakit na COVID-19 (hal. may malubhang kondisyon) tawagan ang kanilang primary care provider ng walang pagkaantala kung ang kanilang mga sintomas ay lumala o abisuhan ang isang miyembro ng kawani o tawagan ang 911. Kapag tinatawagan ang 911, ang mga miyembro ng kawani ay dapat na abisuhan ang tagadispatya na ang residenteng ito ay may mga sintomas ng COVID-19. **Humanap ng agarang medikal na atensyon sa pamamagitan ng pagtawag sa 911 para sa anumang mga palatandaang babala na pang-emerhensya ng COVID-19 na ito:** – Hirap sa paghinga – Hindi nawawalang pananakit o presyon sa dibdib – Bagong pagkalito o walang kakayahang mapukaw (inability to arouse) – Mangasul-ngasul na mga labi o mukha
6. *Kapag ang isang asymptomatic na bata o kabataan ay nasuring positibo*	– Ang mga asymptomatic na residente na nasuring positibo ay dapat na ilipat sa pulang sona at sundin ang parehong mga pamamaraan bilang mga symptomatic na residente na positibo sa COVID.
7. *Kapag ang kawani ay symptomatic*	**Symptomatic na Kawani** – Ang mga kawani ay dapat na subaybayan ang kanilang mga sintomas araw-araw at dapat na hikayatin na umuwi kung sila ay may sakit. Isangguni sila sa kanilang primary care provider para sa SARS-CoV-2 na testing. – Kung ang kawani ay nasuring positibo para sa COVID, kilalanin o tukuyin ang mga kawani, mga bata at kabataan na malapitang nakasalamuha at magsagawa ng nakatuong testing (Tingnan ang Seksyon 11). Ipatupad ang Estratehiya sa Nakatuong Pagsuri at sundin ang Gabay sa Nakatuong Pagsuri. – Ang mga kawani na may pinaghihinalaan o kumpirmado ng laboratoryo na COVID-19 ay dapat na mabigyan ng mga tagubilin sa pagbubukod sa bahay at utusang umuwi para magbukod ng sarili at para abisuhan ang kanilang healthcare provider kung ang mga sintomas ay lumala. – Ang mga symptomatic na kawani na inutusang mangalaga para sa kanilang mga sarili sa bahay ay maaaring itigil na ang pagbubukod sa bahay kapag lamang natugunan ang mga sumusunod na kondisyon: • Hindi bababa sa 10 araw ang nakalipas mula ng unang lumabas ang mga sintomas AT hindi bababa sa 24 na oras pagkatapos ng paggaling ng lagnat ng hindi gumagamit ng mga gamot na nakapagpapababa ng lagnat at pagbuti ng mga sintomas (tulad ng ubo at pangangapos ng hininga).
8. *Kapag ang mga asymptomatic na kawani ay nasuring positibo*	**Asymptomatic na Kawani** – Ang mga asymptomatic na kawani na nasuring positibo ay dapat na pauwiin para sa pagbubukod sa sarili ng 10 araw pagkatapos na gawin ang testing at sabihan na sundin ang mga tagubilin na nakalista sa seksyon 8 sa itaas.
9. *Pag-uulat sa mga Kaso ng mga symptomatic na Bata, Kabataan o Kawani*	**Pag-uulat sa Kaso** – Kung 2 o higit pang mga bata, kabataan o kawani sa iyong pasilidad ay nasuring positibo para sa COVID-19, abisuhan ang DPH sa 888-397-3993 sa mga oras sa araw o (213) 240-7821 o online sa www.redcap.link/covidreport.

10. Magpatupad ng mga estratehiya sa pagsuri (testing strategies)	**Pagmamatyag na Pagsuri (Surveillance Testing)** – Ang mga pasilidad na sa kasalukuyan ay walang anumang nasuring (diagnosed) mga kaso ng COVID-19 sa mga residente o kawani, ay dapat na magsagawa ng surveillance testing sa 25% ng lahat ng kawani bawat 7 araw (hal., pumili ng magkakaibang kawani na susuriin kada 7 araw). **Pagsagot na Pagsuri (Response Testing)** – Kapag ang mga indibidwal na positibo sa COVID-19 (mga residente o kawani) ay kinilala o tinukoy, ang testing sa lahat ng mga residente at kawani ay dapat na maganap kada 7 araw hanggang wala ng karagdagang mga kaso ang kinilala sa 2 magkasunod na round ng testing. Pagkatapos na makumpleto ang testing na ito, ang pasilidad ay dapat na bumalik sa surveillance testing sa 25% ng kawani kada 7 araw. **Nakatuon na Pagsuri (Targeted Testing)** – Kung ang pasilidad ay hindi maakses ang testing para serial na masuri (serially test) ang lahat ng mga residente at/o kawani, bigyang prayoridad para masuri ang lahat ng mga malapitang nakasalamuha ng isang COVID-19 na kaso. Kung ang testing ay kinilala ang mga karagdagang kaso, isang bagong imbestigasyon sa kontak ay pasisimulan sa palibot ng bagong kaso para kilalanin, ibukod, at suriin rin ang kanilang mga malapitang nakasalamuha. Ang protokol na ito ay inuulit para sa bawat kinilalang kaso sa pasilidad. Sumangguni sa Gabay sa Nakatuong Pagsuri. Tukuyin ang isang mekanismo para sa pasilidad na makakuha ng mga SARS CoV-2 na sample (nasopharyngeal, nasal mid turbinate, nasal o pharyngeal swabs) para sa PCR na testing at ipapadala ang mga ispesimen mula sa pasilidad papunta sa isang komersyal na klinikal na laboratoryo. Ang mga resources na nakalista sa ibaba ay nagkakaloob ng mga serbisyo ng onsite na pagkolekta. – Ang pasilidad ay dapat na munang isangguni sa reperensiyang gabay ng DPH o sa Taskforce sa Pagsuri ng California para humanap ng isang laboratoryo. – Kung ang pasilidad ay hindi nagawang makahanap ng isang laboratoryo para gumawa ng testing sa panahon ng patuloy na pagsiklab, ang DPHN na nakatalaga sa pasilidad pagkatapos na maiulat ang kaso ay siyang magsasaayos para sa testing ng community testing (strike) team ng DPH. Isang testing toolkit ay binuo na para tulungan ang mga pasilidad na makapagtatag ng isang relasyon sa isang laboratoryo para sa testing sakaling kakailanganin. Ang toolkit na ito ay maaaring matagpuan sa: http://publichealth.lacounty.gov/acd/ncorona2019/healthfacilities/ccf/#testing.
11. Kailan ipinahihiwatig ang pag-quarantine?	**Mga Nalantad na Bata at Kabataan** – Ang mga bata at kabataan na malapitang nakasalamuha sa isang symptomatic na tao ay dapat na ilagay sa quarantine (sa dilaw na sona) ng 10 araw. – Ang malapitang nakasalamuha ay tinukoy bilang: • Nakasalamuha sa loob ng 6 na talampakan ng isang symptomatic na tao (maging ito man ay COVID-19 na kumpirmado o hindi ng testing) sa tagal na 15 minuto o higit pa sa isang 24 na oras na panahon. Mangyaring tandaan din na aming itinuturing na isang malapitang nakasalamuha KAHIT NA ang parehong partido ay may suot na mask/mga pantakip ng mukha. • Kontak sa mga likido ng katawan at/o mga inilalabas ng isang symptomatic na tao (sila ay naubuhan/nabahingan, napagsaluhang mga kubyertos o laway) o nagkaloob ng direktang klinikal na pangangalaga sa isang symptomatic na tao ng hindi nagsusuot ng isang surgical mask o mga guwantes. – Ang pakikisalamuha/kontak ay maaaring naganap sa isang nahawaang kawaning tao, bata, kabataan, o isang tao sa labas sa pasilidad habang ang nahawaang tao ay symptomatic O

hanggang sa 48 oras (dalawang araw) BAGO ang nahawaang tao ay nagpakita ng mga sintomas.

- Ang pag-quarantine sa sarili ay dapat na 10 araw mula sa oras ng pakikisalamuha o kontak.
  - Kung ang isang bata o kabataan ay nagsimulang magpakita ng mga sintomas sa panahon ng pag-quarantine, ang mga gabay para sa pagbubukod na inilarawan sa seksyon 6 ay lumalapat. Ang panahon ng pagbubukod ng bata o kabataan ay dapat na bilangin mula sa simula ng mga sintomas kaysa sa pagsisimula ng kanilang panahon ng pag-quarantine.

Nalantad na Kawani

- Ang mga kawani na nagkaroon ng malapitang pakikisalamuha/kontak sa mga bata, kabataan, o kawani na positibo sa COVID ay dapat na pauwiin para mag-quarantine o ilagay sa onsite na pag-quarantine sa loob ng 10 araw.
- Ang mga gabay para sa pag-quarantine ng kawani ay pareho tulad ng sa mga residente (tingnan ang mga I-quarantine ang mga Nalantad na Residente, sa itaas).
- Gayunpaman, sa mga oras ng sagad na kakulangan sa trabahador (workforce), ang mga asymptomatic na medikal na kawani na nalantad sa isang indibidwal na positibo sa COVID-19 sa lugar ng trabaho ay maaaring patuloy na magtrabaho HANGGA'T kanilang suot ang naaangkop na PPE at sumusunod sa naaangkop na mga hakbang sa pagkontrol ng impeksyon. Tingnan ang mga seksyon 17 at 18 sa ibaba para sa impormasyon sa PPE.
  - Ang mga asymptomatic na medikal na kawani na nalantad at patuloy na nagtatrabaho ay dapat na subaybayan ang sarili para sa mga sintomas ng COVID-19 ng dalawang beses sa isang araw – isang beses bago pumasok sa trabaho at humigit-kumulang na 12 oras pagkatapos.
  - Ang mga kawani na nalantad sa bahay ay kailangang mag-quarantine sa bahay ng 10 araw at pagkatapos ay makababalik sa trabaho.

12. *Iskematiko (Schematic) ng paggalaw ng residente sa pagitan ng mga sona*	
13. *Mga kawani ay magbabalik sa trabaho*	**Pagbabalik sa trabaho pagkatapos ng Pagbubukod o Pag-quarantine** – Ang isang kawani ay nasuri na may COVID-19 o may mga sintomas ng COVID-19 ay maaaring bumalik sa lugar ng trabaho pagkatapos na: • Hindi bababa sa 10 araw ang nakalipas mula ng unang lumabas ang mga sintomas AT hindi bababa sa 24 na oras pagkatapos ng paggaling ng lagnat ng hindi gumagamit ng mga gamot na nakapagpapababa ng lagnat at pagbuti ng mga sintomas (tulad ng ubo at pangangapos ng hininga). Ang mga asymptomatic na kawani na nasuring positibo ay maaaring magbalik sa trabaho 10 araw pagkatapos na makuha ang kanilang COVID-19 testing. – Ang isang kawani na nagkaroon ng malapitang pakikisalamuha/kontak sa isang kaso ay maaaring magbalik sa trabaho 10 araw pagkatapos ng kanilang huling pakikisalamuha/kontak sa kaso.
14. *Mga hakbang na gagawin para sa (mga) positibong kaso ng COVID-19*	– Ilagay sa aksyon ang iyong planong pang-emerhensya upang protektahan ang iyong mga kawani at residente. – **Humanap ng agarang medikal na atensyon sa pamamagitan ng pagtawag sa 911 para sa mga residente na nagpapakita ng anuman sa mga palatandaang babala na pang-emerhensya ng COVID-19:** • Hirap sa paghinga • Hindi nawawalang sakit o presyon sa dibdib • Bagong pagkalito o walang kakayahang mapukaw (inability to arouse) • Mangasul-ngasul na mga labi o mukha

	– Magpaskil ng impormasyon at panatilihing may alam ang iyong mga kawani, bata at kabataan sa mga rekomendasyon ng DPH para pigilan ang pagkalat ng sakit at tungkol sa mga pagbabago sa mga serbisyo na maaaring may kaugnayan sa kaso. – Tiyakin na ang lahat ng mga karaniwang lugar sa loob ng pasilidad ay madalas na sumusunod at epektibo ang mga kasanayan para sa pangkapaligirang paglilinis. – Kung may dalawa o higit pang kumpirmadong positibong kaso ng COVID sa loob ng 14 na araw, iulat ang mga kaso tulad ng nakatala sa seksyon 10. – Ang mga Dalubhasa sa Kalusugang Pangkapaligiran (Environmental Health Specialists) ay kayang bisitahin ang lugar para magkonsulta at magbigay ng teknikal na tulong sa mga kasanayan sa sanitasyon at paglilinis. Ang isang Environmental Health Specialists ay maaaring hilingin sa pamamagitan ng pagtawag sa Programa ng Kalusugang Pangkapaligiran (Environmental Health Program) (626) 430-5201.
15. *Mga Gabay sa Paggamit ng PPE*	**PPE para sa mga Kawani** – Ang mga kawani na nakikihalubilo sa mga symptomatic na indibidwal ay dapat pagkalooban ng isang surgical mask sa residente at magsuot ng isang surgical mask o isang N95 respirator kung may magagamit at ang testing sa pagkakasya (fit testing) ay naisagawa na, at gumagamit ng panangga ng mukha o googles kapag malapitang nakikisalamuha sa mga residente. Ang mga N95 masks ay katumbas ng mga surgical masks. – Tiyakin ang lahat ng mga empleyado ay naglilinis ng kanilang mga kamay, kabilang ang bago at pagkatapos ng pakikisalamuha/kontak sa mga residente, pagkatapos ng kontak sa mga kontaminadong ibabaw o kagamitan, bago magsuot ng mga guwantes, at pagkatapos na hubarin ang mga bagay-bagay na tulad ng mga guwantes, gown, at mga surgical masks o N95 respirator. **Mga Aktibidad sa Pag-aalaga (para sa mga pasilidad na nagbibigay ng serbisyong ito)** – Magsuot ng mga disposable guwantes para sa lahat ng mga aktibidad sa pag-aalaga at pangkalahatang aktibidad sa paglilinis, lalong-lalo na kung ikaw ay may kontak sa dugo, mga likido ng katawan, mga katas, mga inilalabas, hindi buong kutis, o mga ibabaw o linen na nadumihan ng dugo o iba pang nakakahawang materyales. Itapon ang mga guwantes pagkatapos ng bawat paggamit ng pasyente, huwag muling gamitin. Magsagawa ng paglilinis ng kamay bago magsuot ng mga guwantes at pagkatapos hubarin ang mga guwantes. – Kung ang residente ay may sakit sa palahingahan, magsuot ng surgical mask o N95 respirator at panangga sa mukha o goggles habang ginagawa ang mga aktibidad sa pag-aalaga sa loob ng 6 na talampakan. Siguruhin rin na maglagay ng isang mask sa residente sa mga aktibidad na ito. Kapag nagtatrabaho sa mga pasyente na nasa dilaw at pulang mga sona, dapat na gumamit ng mga surgical masks o N95 respirator sa buong panahon ng shift at hubarin kapag ang mga ito ay kontaminado. Huwag muling gamitin. – Kapag tinatanggal ang mga guwantes at mask, una ay tanggalin at itapon ang mga guwantes. Pagkatapos, agad na hugasan ang mga kamay gamit ang sabon at tubig ng hindi bababa sa 20 segundo o gumamit ng isang hand sanitizer na naglalaman ng alkohol (alcohol-based hand sanitizer). Susunod, tanggalin at itapon ang mask at agad na hugasan ang mga kamay gamit muli ang sabon at tubig o gumamit ng isang alcohol-based hand sanitizer. – Isaalang-alang ang paggamit ng isang plastic na magagamit ng paulit-ulit o nalalabahang gown o apron at disimpektahin sa pagitan ng paggamit para sa (1) mga aktibidad sa pag-aalaga kung saan ang mga tilamsik (splashes) at talsik (sprays) ay maaaring asahan at/o (2) mga aktibidad sa pag-aalaga na may mataas na kontak, kabilang ang pagpapaligo na nagbibigay ng pagkakataon para sa paglipat ng mga pathogen sa mga kamay at damit ng caregiver.

	– Kapag magagawa, isaalang-alang ang pagpapaligo sa kama sa mga bata at kabataan na may mga sintomas ng sakit sa palahingahan para maiwasan ang mga splashes at mabasa ang mga mask. – Kung tumutulong sa pagpapakain ng mga bata o kabataan, maghugas ng mga kamay bago ang paghahanda ng pagkain at magsuot ng naaangkop na harang kabilang ang mga guwantes at isang mask kung ang pasyente ay may sakit habang pinapakain. – Magsuot ng mga guwantes habang naghuhugas ng mga kubyertos at hugasan ang mga kamay pagkatapos na tanggalin ang mga guwantes.
16. *Pinakamahuhusay na kasanayan para sa sanitasyon at paglilinis ng bahay*	**Mga Kasanayan sa Paglilinis** – Nakagawian at epektibong paglilinis at pagdidisimpekta ng lahat ng mga ibabaw at bagay na madalas mahawakan, tulad ng mga hawakan ng pinto, mga bannister, mga itaas ng counter, mga pihitan ng gripo, at mga telepono. – Ang paglilinis sa kapaligiran ay dapat na gawin gamit ang isang pandisimpekta na rehistrado sa EPA na hindi nagbabago-bago sa rekomendadong oras ng kontak ng pagbabasa. Tingnan ang gabay sa paglilinis sa mga panggrupong setting ng pampublikong kalusugan. • Kung ang isang pandisimpekta na rehistrado sa EPA ay hindi magagamit, gumamit ng chlorine bleach na solusyon (humigit-kumulang 4 na kutsarita ng bleach sa 1 quart ng tubig o 5 kutsara [1/3 na tasa] ng bleach kada galon ng tubig). Ihanda ang bleach na solusyon araw-araw o kung kakailanganin. Ang mga test strip ay maaaring gamitin para itsek kung ang solusyon ay ang tamang tapang. • Ang mga pandisimpekta na alcohol-based ay maaaring gamitin kung mas mataas sa 70% alkohol at ang oras ng kontak ay ayon sa mga tagubilin ng tatak. – Ang mga linen, mga kubyertos sa pagkain, at mga plato na pagmamay-ari ng mga taong may sakit ay hindi kailangan na linisin ng hiwalay, ngunit hindi dapat ibahagi ng walang masinsinang paglilinis. Turuan ang mga kawani sa paglilinis na iwasan ang “yakapin” o alugin ang mga labada bagong labahan ang mga ito para maiwasan ang sariling kontaminasyon. Utusan ang mga kawani sa paglilinis na hugasan agad ang kanilang mga kamay gamit ang sabon at tubig o isang alcohol-based hand sanitizer pagkatapos hawakan ang nahawaang labahin. **Mga Suplay** – Magkaloob ng mga sapat na suplay para sa mainam na kalinisan, kabilang ang madaling akses sa malinis at gumaganang mga estasyon sa paghuhugas ng kamay, sabon, mga tuwalyang papel, at alcohol-based hand sanitizer (lalong-lalo na sa mga lugar malapit sa pagkain at mga banyo). – Ang mga estasyon sa kalinisan ng kamay (mga lababo na may kontra-bakteryang sabon at mga produktong alkohol gel) ay dapat na handang magamit sa buong pasilidad, lalong-lalo na sa mga pasukan ng pasilidad. – Siguruhin na ang mga tisyu ay magagamit at ang lahat ng lababo ay sapat na nilagyan ng sabon at mga tuwalyang papel para sa paghuhugas ng kamay. – Turuan at paalalahanan ang mga bata/kabataan na magsagawa ng wastong kalinisan ng kamay sa buong araw, partikular pagkatapos na gamitin ang banyo at bago kumain. – Maglagay ng isang basurahan malapit sa labasan sa loob ng alinmang mga silid ng bata/kabataan (kung sila ay nagbibigay ng pag-aalaga sa bata o kabataan) para gawing madali sa mga empleyado na magtapon ng mga gamit tulad ng mga guwantes, surgical masks, at gown. **TANDAAN**: Ang mga DPH Environmental Health Specialists ay maaaring magbigay ng teknikal na tulong sa iyong lugar/site tungkol sa kalinisan at mga kasanayan sa paglilinis kung kakailanganin. Ang Environmental Health Specialists ay maaaring hilingin sa pamamagitan ng pagtawag sa Environmental Health Program sa (626) 430-5201.

Pigilan at Bawasan ang Pagkalat ng COVID-19 sa Pagitan ng mga Pasilidad

Transportasyon/Pagbyahe

- Limitahan ang transportasyon/pagbyahe ng lahat ng mga bata at kabataan sa mga mahahalagang layunin lamang.
- Kapag ang transportasyon/pagbyahe ng mga sympotamic na bata at kabataan ay kinakailangan:
  - Ang mga bata at kabataan na may mga sintomas ay HINDI dapat ibyahe kasama ang mga residente na walang mga sintomas.
  - Pagsuotin ng surgical masks ang mga sympotamic na bata at kabataan na edad 2 taon o higit pa.
  - Iwasan na ibyahe ng sama-sama ang maraming mga symptomatic na bata at kabataan. Kapag maraming mga bata at kabataan ang kailangan na ibyahe ng sabay-sabay, ang naaangkop na pisikal na pagdistansya (hindi bababa sa 6 na talampakan) ay dapat na sanayin ng parehong mga bata, kabataan at ng drayber. Ang mga bata o kabataan ay dapat na ipuwesto sa salungat na bahagi ng kotse mula sa drayber sa upuan na pinakamalayo mula sa upuan ng drayber.
  - Ang mga bintana ng sasakyan ay dapat na ibaba para mapabuti ang bentilasyon sa kotse.
  - Isama ang mga suplay para sa mainam na kalinisan, kabilang ang mga tisyu, basurahan o mga supot ng basurahan para sa pagtatapon ng mga ginamit na tisyu, at alcohol-based hand sanitizer.
  - Kung plano niyong ilipat ang bata o kabataan sa mas mataas na antas ng pangangalaga dahil sa lumalalang kalagayan sa palahingahan, abisuhan ang EMS o iba pang tagapagbyahe na ang bata o kabataan ay may isang hindi pa nasusuring impeksyon sa palahingahan.

Gabay para sa mga Drayber

- Ang mga drayber ng mga bata at kabataan na may mga sintomas ay dapat na gumawa ng mga naaangkop na pag-iingat, kabilang ang pagsusuot ng personal na pamprotektang kagamitan, kabilang ang surgical masks o N95 kung may magagamit at ang testing sa pagkakasya ay naisagawa na.

Mga Karagdagang Resources

- Coronavirus website ng DPH: http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/
- Los Angeles Health Alert Network: Ang DPH ay nag-i-email ng mga prayoridad na komunikasyon sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng LAHAN. Kabilang sa mga paksa ang mga lokal o pambansang pagsiklab at mga lumilitaw na panganib sa kalusugan. http://publichealth.lacounty.gov/lahan/
- Mga Madalas na Katanungan (FAQs)
- Ano ang Dapat Mong Malaman (Infographic)
- Paglilinis sa mga Panggrupong Setting
- Paghuhugas ng Kamay
- Gabay para sa mga Tirahan ng Maramihang Pamilya
- Gabay para sa mga Pasilidad ng Mahusay na Pag-aalaga at Mga Madalas na Katanungan (FAQs)

Kung mayroon kayong anumang mga katanungan at gustong makipag-usap sa isang tao, tawagan ang Los Angeles County Linya na Impormasyon sa 2-1-1 na magagamit 24 na oras sa isang araw.

Aming pinahahalagahan ang iyong pangako at dedikasyon sa pagpapanatiling malusog ng Los Angeles County.